


Valley Transportation Authority

# *MGA KAALAMAN:* ***Real Estate***

## Berryessa/North San Jose Transit Center Transit-Oriented Development



### Malawakang Pananaw

Ang Berryessa/North San Jose Transit Center ay isang 3.3-acre na ari-arian na pagmamay-ari ng VTA at katabi ng Berryessa BART Station, at nasa Mabury Road at Berryessa Station Way.

Sa ngayon ay hindi nagagamit ang bakanteng lote at puwedeng gawing mixed-use na Transit-Oriented Development (TOD) Nagbibigay ang mga ganitong uri ng proyekto ng pagkakataon sa mga tao para mamuhay at makapagtrabaho malapit sa transportasyong pampubliko, na nakakatulong para luminis ang hangin, lumuwag ang trapiko, at nakakadagdag ng puhunan sa impraistruktura ng komunidad.

Nakikipagtulungan ang Transit-Oriented Development Program ng VTA sa mga partner na municipal, non-profit, at pribado para mahikayat ang development ng pabahay, mga sentro ng retail at employment sa mga lugar na dadami ang pasahero ng pampublikong transportasyon at magbigay ng kontribusyon sa maunlad na komunidad.

Para sa lugar ng Berryessa, nakipagtulungan ang VTA sa Santa Clara County Office of Supportive Housing, ang ahensiya na nangangasiwa ng 2016 Measure A Affordable Housing Bond. Itong pagtutulungan, kasalukuyang inaayos pa, ay magbibigay daan para sa magkakaroon ng abot-kayang pabahay sa lugar ng Berryessa.

### Mga Layunin

- Maihanda itong lugar para sa hinaharap na Transit-Oriented Development, sisimulan ito sa pakikipag-usap sa komunidad tungkol sa bisyon at pangangailangan nito
- Pangkabuuang sistema na pagdami ng pasahero
- Palawakin ang mixed-use development, kabilang ang mga pagkakataon para sa abot-kayang pabahay na malapit sa transportasyon
- Magbigay ng pagkakataon sa trabaho na malapit sa transit (daanan ng tren)

## Mga Resulta

- Pabahay at trabaho malapit sa mga transit center
- Mas malinis at pababain ang mga greenhouse gas
- Pagluwag ng trapiko
- Pagdami ng pasahero ng pampublikong transportasyon

## Mga Benepisyo ng Transit Oriented Development

- Natutugunan ang Pangangailangan sa Pabahay -- Tumutulong na matugunan ang krisis sa pabahay ng rehiyon
- Mga Benepisyong Pangkapaligiran at Kalusugang Pampubliko
- Binabawasan ang Pag-asa o Paggamit sa Sasakyan - Mas mababa ang pangangailangan ng paradahan ng mga residente ng TOD.
- Matatag na ekonomiya - Ang mga lokasyon ng TOD ay kanais nais sa mga negociante.
- Mga Benepisyo para sa Komunidad at Piscal - Makalilikha ang TOD ng malaking pagtitipid para sa sambahayan (ang mga taong naninirahan malapit sa transit ay mas kaunti ang gastos sa transportasyon)

## Mga Kasalukyang Gawain

Nakikipagtulungan ang VTA sa Santa Clara County, sa City of San Jose, at sa komunidad para magplano ng lugar na maari ang mga taong mamuhay at magtrabaho malapit sa mga transportasyong pampubliko. Ang TOD sa lokasyong ito ay magpapahintulot para sa mixed-use na residensiyal at komersiyal na development. Nasa katapusan na bahagi na din ang City of San Jose sa paglikha ng Berryessa BART Urban Village Plan, na magbibigay-hugis din sa anumang development sa lugar na ito.

Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa Urban Village Plan sa: *https://www.sanjoseca.gov/your-government/departments/planning-building-code-enforcement/planning-division/citywide-planning/urban-villages/urban-village-plans-under-development/berryessa-bart*

## Iskedyul ng Proyekto/Development

Wala pang tiyak na panukalang proyektong ang VTA sa ngayon. Inaasahan ng VTA ang paglalabas ng isang RFP sa gabay na mula sa VTA Board sa tagsibol ng 2021 pagkatapos makuha ang mga komento ng komunidad.

## Paano Makipag-Ugnayan sa Amin

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proyektong ito, pakikontak ang Community Outreach Department ng VTA sa (408) 321-7575, TTY (408) 321-2330. Puwede rin ninyo kaming bisitahin sa web sa *www.vta.org/berryessadevelopment* o mag-e-mail sa amin sa *community.outreach@vta.org.*

Valley Transportation Authority